

CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 5 Blg. 1 | Enero-Marso 2023



www.pcc.gov.ph



DA-Philippine Carabao Center



pccoed2021@gmail.com



Dr. Salces,
ipinakilala bilang
bagong OIC Exec.
Director ng DA-PCC

2



**Mga bagong
bukas na Dairy
Box mula Enero
hanggang Marso
2023**

6

DA-PCC, nagdiwang ng ika-tatlong dekadang anibersaryo

Ni Ronaline Canute

DA-PCC NHGP-Ipinagdiwang ng DA-Philippine Carabao Center ang ika-tatlong dekadang anibersaryo nito bilang pangunahing ahensya na responsable sa pag-iingat, pagpapalaganap, at pagtataguyod ng kalabaw bilang pinagkukunan ng gatas, karne, draft power at hide upang mapakinabangan ng mga magsasaka.

Sundan sa p.4



#TatakPCC. nagtipon-tipon ang mga pillars, pioneers, retirees, bisita, at ang mga kasalukuyang henerasyon ng DA-PCC upang gunitain at ipagdiwang ang ika-tatlumpung anibersaryo ng ahensya.

DA-PCC sa USM, nagsagawa ng 17th AI region-wide forum

Ni Rodolfo Valdez Jr.

DA-PCC USM-Mahigit kumulag sa isang daang AI technician mula rehiyon XI, XII, at probinsiya ng Maguindanao ang dumalo sa 17th Region-Wide Artificial Insemination Forum noong Pebrero 21-22, 2023 sa Kabacan,

North Cotabato.

Ang nasabing aktibidad ay naglalayong bumuo ng isang maayos at koordinadong programa sa pamamagitan ng masusing pagsubaybay, pagsusuri at pagtugon sa mga problema ng mga kalahok sa

pagsasagawa ng kanilang fieldwork. Ang aktibidad ay makakaimpluwensya sa kaalaman at kasanayan ng mga tagapagpatupad ng programa.

Sundan sa p.4



Kauna-unahang Kardeli All-Day Breakfast Diner sa bansa, nasa Nueva Ecija na!

Ni Aubrey Vista Manalo

DA-PCC NHGP-Binuksan na ang kauna-unahang Kardeli All-Day Breakfast Diner sa Nueva Ecija.

Ang Kardeli ay nagmula sa mga salitang “carabao” at “delicacy”. Ang nasabing brand ay inilunsad noong 2016 na kung saan ipinakilalala ito sa publiko bilang isang malambot na karne na ikinukundina ang pananaw na ang karne ng kalabaw ay matigas at may panghuling lasa.

Ang nasabing kainan ay nag-aalok ng iba’t ibang produkto ng karne ng kalabaw tulad ng pre-packaged choice cuts, gourmet sausages, at pangmabilisang pagkain at meryenda tulad ng pares mami at lugaw.

Ang business model na ito ay dinisenyo ng DA-Philippine Carabao Center sa pangunguna ng Business Development and Commercialization Unit (BDCU).

Ang kainan ay pangangasiwaan ng Aces Philproduces Corporation, isang kooperatiba na

Sundan sa p.6



Dr. Salces, ipinakilala bilang bagong OIC Exec. Director ng DA-PCC

Nina Ma. Cecilia Irang-Mariano at Angelo Cortado



DA-PCC NHGP–Opisyal na tinanggap ni Dr. Carlo Salces ang mga tungkulin at responsibilidad bilang Officer-in-Charge (OIC)–Executive Director ng DA-PCC sa ginanap na turnover ceremony sa PCC national headquarters sa Science City ng Muñoz, Nueva Ecija noong Enero 23, 2023.

Ito ay alinsunod sa Special Order No. 44 Series of 2023 ng Department of Agriculture na nagtalaga kay Dr. Salces bilang OIC-Executive Director ng PCC, at Special Order No. 56 Series of 2023 na nagtalaga kay Da-PCC Executive Director Dr. Liza Battad bilang Technical Adviser sa Executive Director ng PCAF na inisyu ni Senior Undersecretary Domingo Panganiban.

Si Dr. Salces ay kasama na ng sa DA-PCC mula nang likhain ito noong 1992. Siya rin ay kabilang sa mga tagapanguna sa pagpapatupad ng national carabao development program at nagsilbing isang mananaliksik sa ilalim ng Philippine Carabao Research and Development Center (PCRDC).

Bago ang kanyang paghirang, si Dr. Salces ay nagsilbi bilang Deputy Executive Director for Administration and Finance. Nagsilbi rin siya bilang center director ng DA-PCC sa USF mula 1994 hanggang 2018.

Bilang isang mananaliksik, siya ay nagsagawa ng higit sa 20 na pag-aaral sa larangan ng animal nutrition at agrikultura. Siya rin ay

I-Banna, sumailalim sa pagpro-proseso ng karne ng kalabaw

Nina Joan A. Nefulda at Jan Marianne D. Estabillo



DA-PCC MMSU–Dalawampu't-pitong miyembro ng Bannuar Sustainable Livelihood Program Association (Bannuar SLPA) sa Banna, Ilocos Norte ang nakatapos ng dalawang-araw na pagsasanay sa pagpro-proseso ng karne ng kalabaw noong Pebrero 13-14, 2023 na ginanap sa Municipal Hall ng Banna.

Ang pagsasanay ay bahagi ng proyektong pinamagatang 'Pilot Kabuhayan sa Karneng Kalabaw' o EPAHP Kardeli sa ilalim ng Enhanced Partnership Against

Hunger and Poverty (EPAHP) Program ng gobyerno. Ito ay pagtutulungan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC), Department of

Social Welfare and Development (DSWD), Local Government Unit ng Banna, Ilocos Norte at ng DOST-Ilocos Norte S&T Office.

Ang pangunahing layunin ng proyektong ito ay tugunan ang agwat sa supply ng karne ng baka habang nagbibigay ng suportang kabuhayan upang palakasin ang mga target na farmer-beneficiaries at kooperatiba sa rehiyon at mapabuti ang kanilang mga socio-economic na kondisyon. Ang benepisyo ng Carabao Meat Processing Program ay ang kontribusyon nito sa lokal na ekonomiya. Ang programa ay nagbibigay ng karagdang kita para sa mga magsasaka, na siya namang nagpapasigla sa paglago ng sektor ng agrikultura. Lumilikha din ito ng mga oportunidad sa trabaho sa industriya ng pagpoproseso ng karne, partikular sa mga rural na lugar kung saan kakaunti ang mga oportunidad sa trabaho.

Bukod dito, ang karne ng kalabaw ay isang mas malusog na alternatibo sa iba pang karne tulad ng baboy at baka. Ito ay mas payat at may mas mababang kolesterol at taba. Ang karne ng kalabaw ay mayaman din sa protina, iron, at iba pang mahalagang sustansya na kapaki-pakinabang para sa katawan. Sa pagtataguyod ng pagkonsumo ng karne ng kalabaw, hinihikayat ng programa ang mas malusog na pamumuhay sa mga Pilipino. 🌱

VBAITs, LGU techs sumailalim sa pagsasanay sa AI at PD sa Bohol

Nina Leinefe L. Anton at Maica Eumira Mariette Urmatan

nakatanggap ng “Gawad Saka Award” mula sa Department of Agriculture para sa applied research noong 2000-2001. Siya rin ang kasalukuyang pangulo ng Philippine Society of Animal Science.

Natapos ni Dr. Salces ang kanyang Bachelor of Science Degree sa Agriculture Education sa Bohol Agricultural College noong 1983 na may Latin Honors. Makalipas ang pitong taon, nakamit niya ang kanyang Master's Degree sa Animal Science sa Unibersidad ng Pilipinas- Los Baños. Noong 2000, nakamit niya ang kanyang Doctor of Philosophy sa parehong larangan sa UPLB.

DA-PCC USF-Idinaos ng DA-Philippine Carabao Center sa Ubay Stock Farm (DA-PCC sa USF) ang buwanang pagsasanay sa basic artificial insemination (AI) at pregnancy diagnosis (PD) sa malalaking ruminant para sa village-based at mga technician ng lokal na pamahalaan at pinaigting na pagsasanay sa reproductive management noong ika-9 ng Marso 2023.

"Ang pinag-igting na pagsasanay ay naglalayong palakasin at pagbutihin ang kahusayan ng aming mga umiiral na AI technician sa kanilang mga serbisyo, dahil napansin namin ang mababang rate ng AI," pagbabahagi ni

Bonifacia Granada, training coordinator at chief ng extension services ng DA-PCC sa USF.

Ang mga lugar na may pinakamaraming kalabaw ay binigyang prayoridad sa pag-iskedyul ng nasabing pagsasanay. Kabilang dito ang lugar ng Pinamungajan, Danao City, Dumanjug, San Remegio, Compostela, Alegria, Cebu, Candijay at mga munisipalidad na nasasakupan ng Bohol Dairy Cooperative (BODACO).

Ang dalawang kawani ng First Consolidated Cooperative ay nakilahok din sa pagsasanay na ginanap sa Tañon Seaboard (FCCT)-Tuburan. Ito ay bahagi ng extension at advisory service ng DA-PCC ng USF

para sa kooperatiba upang mas maging epektibo at mahusay ang pamamahala sa kabila ng dumaraming bilang ng mga hayop.

Ang parehong pagsasanay ay binubuo ng apat at dalawang-araw na pag-aaral para sa basic at intensified reproduction management. Bahagi rin ng modyul ang isang practicum sa institutional farm at mga aktwal na demonstrasyon.

Pagkatapos makumpleto ang mga pagsasanay, ang mga kalahok ay dumaan sa pagsusulit at pagtatasa ng mga kasanayan na hindi bababa sa 75% ang kanilang score.

DOD na suporta para sa milk processing sa N.O, nilagdaan

Ni Louie Jee Huelar

DA-PCC LCSF- Noong Marso 13, 2023 Nilagdaan ni Gobernador Bong Lacson at DA-Philippine Carabao Center (PCC) – La Carlota Stock Farm, na kinakatawan ni Center Director Eva Rom ang isang Deed of Donation na pasilidad para na ilalaan sa pagproseso ng gatas.

Ang nasabing pasilidad ay may floor area na 100 metro kuwadrado na matatagpuan sa reservation lot ng Philippine Carabao Center sa La Carlota Stock Farm, Barangay La Granja La Carlota City, Negros Occidental

Ang pagpapanumbalik ng pasilidad sa pagpoproseso ng gatas at ang permanenteng paggamit ng gusali sa bahay ng pasilidad ay makikinabang sa mga carabao raiser, asosasyon, at kooperatiba sa lalawigan.

Layunin ng deed of donation



na panatilihin ang mandato ng batas na magbigay ng mga pangunahing serbisyo at pasilidad sa mga magsasaka, at alinsunod sa Agricultural Competitiveness Improvement at Food Security program na agenda ng ABANSE Negrense.

Ang paglagda ay ginanap sa

Governor's Office noong Marso 13, 2023 Provincial Capitol, sa presensya ng Philippine Carabao Center OIC-Executive Director Dr. Caro B. Salces via Zoom, Provincial Veterinary Office OIC, Dr. Placeda Lemana, at PVO staff. Nilagdaan din ni Provincial Administrator Atty. Rayfrando Diaz ang nasabing Deed of Donation.

Kauna-unahang Kardeli...

Mula sa p.1

ina-assist ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University.

Ang kainan ay matatagpuan sa Milka Krem Business Complex sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija at ito ay bukas mula lunes hanggang linggo, 7:00 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi.

Para sa iba pang kaalaman tungkol sa Kardeli All-Day Breakfast Diner, maaaring bisitahin ang kanilang facebook page na Kardeli Muñoz.



Pagluluto gamit ang gatas ng kalabaw, tampok sa ika-5 na pagdiriwang ng Semana Kang Mangunguma

Nina Mary Antonette Andarza at Maica Eumira Mariette Urmatan



DA-PCC WVSU—Idinaos ng Philippine Carabao Center sa WVSU (PCC at WVSU) ang kauna-unahang Cara Cooking Show at Cara-ugnayan with the Farmers sa Calinog Plaza sa Calinog, Iloilo noong ika-3 ng Marso. Ito ay kaugnay sa partisipasyon ng center sa pagdiriwang ng ika-5 Semana Kang Mangunguma na may temang, “Mangunguma naghugpong sa pagbangon, panguma pasanyugon, palibot tatapon at ekonomiya pasanyugon.”

Binigyang-diin dito ang pagkakaisa ng mga magsasaka sa pagharap at pagbangon tungo sa maunlad na ekonomiya. Ang tema ng slogan ng PCC sa WVSU, “Ang may karbaw, labaw!” ay nagpapakita ng konsepto na ang carapreneurship ay isang umuusbong na kabuhayan na siyang may potensyal na mapabuti ang buhay ng mga magsasaka.

Ang okasyon ay dinaluhan ni Hon. Renato Magpantay, miyembro ng Sangguniang Bayan ng munisipyo ng Calinog, Gelmina P. Cartel, Hepe ng Calinog Municipal Agriculture Office, at Dir. Arn D. Granada, Center Director ng PCC sa WVSU. Sina Maria Corazon Buala, Public Relations Officer II ng DA-Western Visayas, Abdiel Dela Cruz, Operation Manager, The Glend Hotel, at Michael Jan Debuque, Tourism Operations Assistant ng Calinog Tourism Office ay dumalo bilang hurado ng Cara Cooking Show. Humigit-kumulang 300 katao ang dumalo sa kaganapan, na

karamihan ay mga magsasaka mula sa iba't ibang samahan ng mga magsasaka sa Calinog. Pinangunahan ni Janice H. Cuaresma, Coordinator ng DA-PCC sa WVSU CBED, ang Cara-ugnayan with Farmers. Tinalakay rito ang tagumpay ng Calinog Farmers Agriculture Cooperative (CAF Agri Coop) sa cara-dairy farming.

Sa kabilang banda, sina Ryan Carmen, Chairman ng CAF Agri Coop, Lilibeth Dum Dumaya, Manager ng CAF Agri Coop, at Wilma Capillo, miyembro ng Board of Directors ng CAF Agri Coop, ay tinalakay ang mga pakikibaka at tagumpay ng kooperatiba sa mga nakaraang taon, gayundin ang kahalagahan at epekto ng kababaihan sa industriya ng pagawaan ng gatas. Ang Karabun (buffalo's milk-flavored bun) ay ipinakilala rin sa naturang programa, kasama ang mga benepisyo at potensyal nito bilang isang produktong pagkain. Binigyang-diin na sa mga isla ng Panay at Guimaras, tanging ang CAF Agri Coop lamang ang gumagawa ng Karabun.

Mula sa p.1

DA-PCC, nagdiwang...



Pinuri ni Senador Cynthia A. Villar, chairperson ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform ang serbisyo ng ahensya sa pagpapabuti ng productivity ng gatas at karne ng kalabaw para sa nutritional support at pagpapataas ng kita ng mga dairy farmers.

Sinabi ng senador na patuloy niyang susuportahan ang PCC para sa pagpapalaganap at pamamahagi ng

gatasang kalabaw sa lahat ng mga regional centers ng ahensya.

Iginiit ni Senador Villar sa RA 11037 o mas kilala sa tawag na ‘Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act,’ ang demand at market para sa local liquid milk, sa pamamagitan ng milk feeding program ng Department of Education. Bukod dito, pinondohan ng kanyang tanggapan ang Carabao-based Business

Improvement Network (CBIN) project sa ilalim ng banner program na Accelerating Livelihood and Assets Buildup o ALAB Karbawan.

“Ang seguridad sa gatas ay hamon pa rin para sa PCC ngayon at sa hinaharap,” pagtatapos ni Villar.

Samantala, ipinaabot ni Senior Undersecretary for Agriculture, Domingo Panganiban ang kanyang pasasalamat sa ahensya para sa

mahusay nitong trabaho lalo na sa kasagsagan ng COVID-19 pandemic.

Ang DA-PCC ay itinatag sa bisa ng Republic Act No. 7307 noong 1992. Nagsimula ang operasyon nito noong 1993 na may maliit na tanggapan sa Quezon City, na sinusuportahan ng maliit na regional centers. Nang maglaon, noong 1998, naitatag ang national headquarters at gene pool sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Sa kasalukuyan, ang DA-PCC ay mayroong 12 centers sa buong bansa na nagtutulungan upang makamit ang marangal nitong misyon.

Ang mga milestone ng ahensya mula 1998 hanggang 2022 ay kinabibilangan ng, institutionalization ng carabao upgrading at enterprise development, pagsunod sa mga internasyonal na pamantayan ng kalidad, pagkilala bilang isang nangungunang livestock institution, rasyonalisasyon at estratehikong pagbabago sa pagpapatupad ng programa, at shared value creation sa industriya ng pagkakalabaw at digitalization ng mga serbisyo.

Sa loob ng isang linggong pagdiriwang, ipinakilala ng ahensya ang mga bagong milestone nito na kinabibilangan ng mga sumusunod: paglulunsad ng Kardeli All Day Breakfast Diner, isang kaswal na restaurant na nagtatampok ng karne ng kalabaw sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga pre-packed choice cut, gourmet sausages, at mabilis na pagkain at meryenda; pagkilala sa mga regional centers (DA-PCC sa Visayas State University at DA-PCC sa West Visayas State

Sa pangunahing kaganapan na Cara Cooking Show ay hinamon ang mga kalahok na magluto gamit ang isang litro ng gatas ng kalabaw at PHP500 na halaga ng mga sangkap. Ang mga pagkaing inihanda ay binigyang puntos batay sa halagang ginastos, iba't ibang kombinasyon ng mga putahe, at sa presyong tingin ng mga hurado ay angkop sa putahe.

Tinanghal na kampeon si Ellen Escorial ng Sitio Cristobal Farmers Association, na nag-uwi ng PHP5,000 para sa kanyang winning dish combination na kalabasa soup, bikol express, at ube halaya, na pawang gawa sa gatas ng kalabaw. Sina Kate Reylen Escorial at Jonna Kim Catalua, kapwa mula sa 4H Club, ay nakakuha ng una at pangalawang pwesto sa kanilang kumbinasyon ng mga pagkain na beef roll at palitaw na may gatas ng kalabaw, at ginataang balut de leche, pritong balut, at coffee jelly.

Layunin ng paligsahan na maitaguyod ang gatas ng kalabaw bilang isang sangkap na maaring gamitin sa iba't ibang pagkain tulad na lamang sa appetizer at panghimagas. 🍷

University) na nakakamit ng sertipikado sa ilalim ng ISO 9001; inagurasyon ng DA-Biotech DNA Sequencing Facility; at paglulunsad ng Milestones Coffee Table Book at AVP at bagong Corporate AVP.

Bukod dito, anim sa pillars at pioneers (Dr. Arnel Del Barrio, Dr. Annabelle Sarabia, Dr. Daniel Aquino, Dr. Zosimo Battad, Gloria Dela Cruz, at Grace Marjorie Recta) ng Carabao Development Program ang nagbahagi ng kani-kanilang karanasan at inspirasyon sa mga PCCeans at sa bagong mga lider ng ahensya sa pamamagitan ng isang speaking platform na tinawag na Knowledge-Talks o K-Talks.

Pinarangalan ang tatlong natatanging empleyado na mahusay sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Sila ay sina Dr. Abraham Tandang, Science Research Specialist at Experimental Farm Manager ng DA-PCC sa UPLB bilang Outstanding Supervisor; Rebecca Ruby Gabriel, CBED Regional Coordinator ng DA-PCC sa CLSU bilang Outstanding Development Officer; at Arnold Morales, DA-PCC sa dairy module ng CSU na in-charge bilang Outstanding Support Staff.

Gayundin, kinilala ang Knowledge Management Division (KMD) bilang 2022's top performing unit at DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) bilang top performing regional center. 🍷

CCDP Eastern Visayas, naglunsad ng kanilang ika-tatlong FLS-DBP

Ni Sunshine Sabidalas



Inilunsad ng Coconut Carabao Development Project (CCDP) ng Eastern Visayas ang kanilang ika-tatlong Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) noong Marso 15, 2023 sa Brgy, San Antonio Basey, Samar.

Sa pagbubukas ng programa, pinahayag ni Hon. Luz Chu-Ponferrada, municipal mayor ng Basey, Samar ang kanyang pasasalamat sa Philippine Carabao Center (PCC) at Philippine

Coconut Authority (PCA) gayundin sa iba pang partner agencies na nagpasimula ng FLS-DBP. Tiniyak niya ang kanyang buong suporta sa tulong ng local government unit para sa FLS-DBP program.

Binigyang-diin ni DA-PCC Center Director Francisco G. Gabunada, ang kahalagahan at layunin ng FLS-DBP na payagan ang mga magsasaka na matuto at matuklasan ang mga angkop na teknolohiya para sa kanilang mga lokalidad. Hinikayat din niya ang mga magsasaka na dumalo sa mga kaganapan sa pag-aaral.

Ang FLS-DBP ay isang season-long workshop na idinadaos tuwing Huwebes. Ang session ay isasagawa ng mga akreditadong FLS-DBP facilitator na pangungunahan nina Kristal Jane Tapacion (Agricultural Technologist) Dr. Ivy De Guia (Veterinarian I) Elliot Enrico Añez (PCA-CDO) at Edgardo Sacramento (PCC-PDO). 🍷

Mula sa p.1

DA-PCC sa USM, nagsagawa ng 17th ...



Ang nasabing aktibidad ay naglalayong bumuo ng isang maayos at koordinadong programa sa pamamagitan ng masusing pagsubaybay, pagsusuri at pagtugon sa mga problema ng mga kalahok sa pagpasagawa ng kanilang fieldwork. Inaasahan din na ang aktibidad ay makakaimpluwensya sa

kaalaman at kasanayan ng mga tagapagpapatupad ng programa.

Sinabi ni DA-PCC sa USM Center Director Benjamin Basilio na patuloy tututukan ang pagpapalakas ng partnership sa local government unit, pagsasagawa ng mga pagsasanay, forum, at seminar tungkol sa artificial insemination upang matugunan ang mas

maraming AI technician sa rehiyon.

Ibinahagi ni Gil Mark B. Omagac, isang AI technician mula sa Munisipyo ng Kiblawan, Davao del Sur, na pinahahalagahan niya ang aktibidad dahil natugunan nito ang kanilang mga katanungan at nadagdagan pa ang kanilang mga kaalaman.

“Nakatulong ang forum na ito sa amin, hindi lang sa nadagdagan an gaming kaalaman, nagkaroon kami ng pagkakataon na makilala ang iba pang mga AI technician sa buong South Central Mindanao,” pagtatapos ni Gil Mark.

Ang kaganapan ay dinaluhan ng mga resource person mula sa DA-RFO XI, RAIC DA-RFO XII, mga tauhan ng NDA, ang Provincial Alternative Insemination (AI) Coordinator, LGU Alternative Insemination (AI) Technicians, at village-based Alternative Insemination (AI) Technicians. 🍷



Mga bagong bukas na Dairy Box mula Enero hanggang Marso 2023




Dairy Box sa Agusan Del Sur

Ni Ma. Cecilia Irang-Mariano at Aubrey Vista Manalo

Maaari na ngayong tangkilikin ng mga Agusanon ang iba't ibang katakam takam na pagkain na gawa sa gatas ng kalabaw, kasunod ng pagbubukas ng kauna-unahang Dairy Box sa Agusan Del Sur.

Ang nasabing pasilidad, na pamamahalaan ng Katipunan Agricultural Producers Cooperative (KAPCO).

Dumalo sa turnover ceremony sina Agusan Del Sur Provincial Governor Santiago Cane, DA-PCC sa Central Mindanao University Center Director Dr. Lowell Paraguas, Provincial Veterinarian Dr. Joriz Elevazo, Bayugan City Veterinarian Dr. Ramjun Pore, at KAPCO Chairperson Gina Mojado. 📍



Kauna-unahang Dairy Box CALABARZON

Nina Marinella Ledesma at Aubrey Vista Manalo

Nakatanggap ng mga kagamitan sa pagpoproseso, generator, at 45 crossbred na kalabaw ang Llano Farmers Multi-purpose Cooperative (LFMPC), sa tulong ng DA-Philippine Carabao Center sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC sa UPLB). 📍



Dairy Box ng Masbate

Ni Leinefe Aton

Pamamahalaan ng Quenscup Agrarian Reform Beneficiaries and Marginal Farmers Cooperative ang isang Dairy Box sa Aguada, Placer, Masbate na nagkaroon ng soft launching noong February 21, 2023.

Mabibili sa Dairy Box ang mga kalabaw katulad ng pastillas de leche, milk cake, loaf-banana, loaf kalabasa, at iba pa.

Patuloy naman ang suportang ibinibigay ng DA-PCC sa USF na nagsasagawa ng seminar tungkol sa Dairy Safety Regulations at pagsasanay sa pagproseso ng mga dairy products sa mga dairy farmers at processors. 📍

Dairy Box sa Zambales

Nina Mikee Ayes Antonio at Maica Eumira Mariette Urmatan

Ang DA-PCC National headquarters at DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) ay nagdaos ng isang matagumpay na opening blessing at turnover ng Dairy Box sa Brgy. South Poblacion Masinloc Baywalk, Zambales noong Marso 16.

Ito ay pamamahaalan ng Masinloc Farmers Agriculture Cooperative (MFAC). 📍




Dairy Box ng Maria Aurora

Nina Mikee Antonio at Aubrey Vista Manalo

Nagpahayag ng pasasalamat para sa pagbubukas ng Dairy Box ang gobernador ng Aurora na si Hon. Christian M. Noveras, hinimok niya ang publiko na bumili ng mga lokal na produkto at paunlarin ang Aurora Dairy Box.

Inalala ni Provincial Veterinarian Dr. Angelito Silvestre at Municipal Councilor na si May Anne Castro ang mga panahon na kung kailan ang kanilang munisipyo ay may limitadong bilang pa lamang ng mga dairy outlet kung saan maaaring ibenta ang mga produktong gatas nito. Nagpapasalamat din sila na at magkakaroon na ang kanilang bayan ng ligtas na pamilihan para sa mga produktong gatas nito sa pamamagitan ng dairy box. Ayon sa kanila hindi lamang ang mga kooperatiba kundi makakatulong din ito sa pagtugon sa mga kinakailangan sa supply ng gatas ng National Feeding Program. 📍



Pang-apat na Dairy Box sa Zamboanga Peninsula

Ni Dorie D. Bastatas

Magkakaroon na ng apat na Dairy Box sa Zamboanga Peninsula sa Taway, Ipil, Zamboanga Sibugay matapos magdaos ng groundbreaking ceremony noong Enero 25, 2023.

Ang pasilidad ay magsisilbing outlet ng lahat ng mga produkto ng pagawaan ng gatas na nagmumula sa mga small hold dairy buffalo farmers na magbibigay sa kanila ng mga prospect na ma-access ang marketing ng kanilang mga produkto sa gayon ay tumataas ang kanilang kita. 📍



Bukod dito, magiging bahagi rin ito ng patuloy na pagpapalawak ng mga pasilidad sa pagpoproseso ng gatas at marketing sa Rehiyon IX.

Ang 600 metro kwadrado na lote kung saan itatayo ang pasilidad ay ibinigay ng LGU-Ipil sa pangunguna ni Mayor Anamel C. Olegario.

"Malaking tulong ito sa pagunlad ng bayan natin, kapag tumaas ang kita ng magsasaka ay maaapektuhan nito ang pang-ekonomiyang aktibidad sa pamamagitan ng pagtaas ng kita ng munisipyo," ani Dr. Cecelio G. Velez, kasapi ng ICMC Board of Directors.

Sinang-ayunan naman ito ni Sangguniang Bayan member, Hon. Serafin L. Ramos, na nagsabing makakatulong ang Dairy Box sa pagbibigay ng trabaho sa lokal at sa pagpapalakas ng turismo.

Samantala, ang Department of Science and Technology (DOST) sa rehiyon ay nagbigay ng kagamitan para sa paggawa ng gatas at pagsasanay para sa safe and healthy protocols.

Sa kabilang banda, ang Local Government Unit – Ipil sa pangunguna ni Mayor Anamel C. Olegario ay nagbigay ng 600 metro kwadrado na lote kung saan itatayo ang gusali.

Hinimok ni Olegario ang kooperatiba na kung walang kooperasyon, walang kaunlaran. Higit pa rito, iminungkahi din niya na ang dairy box outlet ay hindi lamang mag-silbi para sa mga produkto gawa sa gaats, ngunit ipapakita rin nito ang mga produkto ng Ipil. 📍

Abangan sa susunod na isyu:

CaraUgnayan sa Visayas



Cara Aralan Series: Gabay sa wastong pangangalaga ng gatasang kalabaw



Tiyak na Kabuhayan para sa TIAC

Ni Rodolfo Valdez Jr.



DA-PCC USM—“Ang gatas ng TIAC ay tiyak na masustansya at tiyak na masarap”

Ito ang naging sigaw ng mga miyembro ng Tupi Integrated Agriculture Cooperative (TIAC) ng Tupi, South Cotabato sa inaasahang pagpapatayo ng dairy processing plant and marketing outlet o dairy box, pamamahagi ng processing machines at equipment at iba pang kagamitan na magpapakatao sa nasabing pasilidad.

Ang TIAC ay isa sa tatlong kooperatiba o asosyasyon na kabalikat ng DA-Philippine Carabao Center at USM (DA-PCC at USM) at Philippine Coconut Authority (PCA) sa pagsusulong

ng Coconut-Carabao Development Program sa South Cotabato. Ang CCDP ay isang proyektong pinondohan ng Committee on Agriculture and Food Senate Chairperson Cynthia Villar.

“Ang TIAC ay mag sisilbing big brother ng Malaya Integrated Farmers Association sa Banga at Buto Small Coconut Farmers Organization sa Tampakan sa pagtataguyod ng CCDP sa South Cotabato.

Sa value chain ng ng nasabing programa sa South Cotabato, ang dalawang asosyasyon ang magsisilbing production site samantalang ang TIAC naman ang naitalagang mag proseso ng dekalidad na produkto at magbebenta nito sa merkado”

paglalahad ni DA-PCC at USM Center Director Benjamin John C. Basilio.

Sa mensahe naman ni TIAC Manager Bonifacio V. Pales, sinabi nito ang taos-pusong pagtanggap ng kanilang kooperatiba sa proyektong pagkakalabaw na syang magpapausbong ng industriya ng gatas sa bayan ng Tupi.

“Noong simula palang, nakitaan na namin ng potential ang proyektong ito. Kaya naman, kahit wala pang gatas ang mga small brother associations namin, nag proseso na kami ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw. Umaangat kami gatas mula sa mga carapreneur dito sa South Cotabato at pinoproseso namin sa aming kitchen-type

processing area.” ani Chairman Pales

“Para makagawa kami ng delakidad na produkto, sumailalim kami sa mga iba’t-ibang pagsasanay na ibinigay ng PCC at USM. Ang pagbebenta namin kahit wala pa kaming produced na gatas at pasilidad ay ang nagsisilbing unang hakbang ng kooperatiba upang mapakilala ang gatas ng kalabaw, mga produkto nito tulad ng chocomilk at lacto juice sa bayan ng Tupi” dagdag ni TIAC Manager Angelita L. Claudio

Bago matapos ang taong 2023, aasahang magbubukas ang naturang dairy box na syang magbibigay sa mga lokal at turista ng produkto gawa sa gatas ng kalabaw. 🐄

Patnugutan

Patnugot ERIC PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG

Tagapamahalang Patnugot RONALINE CANUTE

Manunulat MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RONALINE CANUTE, LEINEFE ANTON, MARI JOAN NEFULDA, JAN MARIANNE ESTABILLO, MARY ANTONETTE ANDARZA, MIKEE AYES ANTONIO, DORIE BASTATAS, MARINELLA LEDESMA, RODOLFO VALDEZ JR, LOUIE JEE HUELA, SUNSHINE SABIDALAS

Contributors AUBREY VISTA MANALO, ANGELO CORTADO, MAICA EUMIRA MARIETTE URMATAN

Layout at Ilustrasyon AUBREY VISTA MANALO, DINE YVE DAGANOS

Tagapamahala sa Sirkulasyon RONALINE CANUTE

Tagapayo CARO SALCES

CaraBalitaan



Ang CaraBalitaan ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.



K-Portal

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.



DA-PCC Virtual Tour

Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.